OBAMA VS. MCCAIN SA MGA ISYU NG AAPI

Barack Obama:

- ✓ Ibabalik ni Obama ang Inisyatibo ng White House para sa mga Asyano-Amerikano at mga Taga-Isla Pasipiko (AAPI) upang Magtrabaho Tungo sa Orihinal na Layunin nito sa Pagtugon sa mga Kakulangan ng Serbisyo para sa mga Pangangailangan ng mga AAPI.
- ✓ Si Obama ay Nag-aalok ng Mga Bawas sa Buwis para sa Middle Class Na Tatlong Beses na Nakakahigit Kaysa sa Inaalok ni John McCain.
- ✓ Pinuri ni Obama ang Pagpasa ng Batas ng 2007 sa Pagbabawas ng Gastos at Pribilehiyong Mag-aral sa Kolehiyo (The College Cost Reduction and Access Act of 2007), na Nagbigay ng Milyun-Milyon sa mga Nagsisilbing Institusyon para sa AAPI.
- ✓ Si Obama ay Nangangakong Magbigay ng Buong Paninindigang Pederal upang Mapabilis ang Pagsasakatuparan ng Pag-abono sa Pandarayuhan Batay sa Compact Free Association Act (Compact Impact Reimbursement).
- ✓ Si Obama ay Ka-isponsor sa Batas sa Pagpapabuti ng Kalusugan at Eliminasyon ng Hindi Pagkakapantay-Pantay na Kondisyong Pangkalusugan para sa Minorya (Minority Health Improvement and Health Disparity Elimination Act).
- ✓ Ipinasa ni Obama ang Pinapanukalang Lehislasyong Pederal para sa Kaunlaran, Kaluwagan at Edukasyon para sa mga Menor-de-Edad na Dayuhan (DREAM Act) sa Illinois.
- ✓ Si Obama ay Ka-isponsor sa Batas ng 2007 sa Katarungan at Pagkakapantay-Pantay ng mga Pilipinong Beterano (Filipino Veterans Equity Act of 2007).
- ✓ Si Obama ay Ka-isponsor ng Komprehensibong Lehislasyong Pang-Imigrasyon (Comprehensive Immigration Legislation), at Nagharap ng mga Pagbabago upang Mabawasan ang Napakaraming Nakabinhing Gawaing Pang-Imigrasyon.
- ✓ Si Obama ay Pinalaki Sa Hawaii At Asya na may Kulturang Asyano.

John McCain:

- X 2008: Si McCain ay Tumuligsa sa Lehislasyong Komprehensibong Repormang Pang-Imigrasyon na Sa Simula ay Ipinagtanggol Niya kasama si Senador Kennedy.
- X Si McCain ay Nag-aalok ng Plano sa Buwis na Nagpapawalang-Bahala sa 101 Milyung Manggagawa mula sa Middle Class ngunit hindi mula sa Industriya ng Langis, Na Maaaring Makatanggap ng 4 na Bilyong Dolyar ($4 B) na Bawas at Pribilehiyo sa Buwis (Tax Break).
- X Sa Panahon ng Republikanong Primarya, si McCain ay Bumaliktad upang Kontrahin ang DREAM Act.
- X Si McCain ay Bumoto Laban sa 540 Milyong Dolyar ($540 M) na Pagpopondo para sa mga Serbisyong Pangkalusugan para sa Minorya (Funding for Minority Health Services).
- X Si McCain ay paulit-ulit na bumoto laban sa pagpapataas ng pagpopondo para sa mga Tulong Pang-Edukasyon ng Pell (Pell Grants) at mga pautang para sa mga estudyante.
- X Si McCain ay Bumoto laban sa Pagbibigay ng Kompensasyon sa mga Amerikanong Mula sa Angkan ng Hapon na Nakulong noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- X Si McCain ay Kumukontra sa Pagpapalawak ng Matagumpay na Programa ng Estado sa Pangkalusugang Pagseseguro ng mga Kabataan upang Makapagbigay ng Pangkalusugang Seguro (Health Insurance) sa Milyun-Milyong mga Batang mula sa mga Pamilyang May-Mababang Kita.
- X Si McCain ay Sumusuporta sa Pagpapapribado ng Seguridad Sosyal, na Magdaragdag ng Isang Trilyon sa Utang ng Bansa at Magpapahina sa Seguridad ng Mahalagang Programang ito para sa mga AAPI.